


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 6

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 1:
## Pagbahagi ng Isang Pangyayaring Nasaksihan



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Filipino – Ikaanim na Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pagbahagi ng Isang Pangyayaring Nasaksihan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Mary Ann G. Patagoc | |
| **Editor/ Tagasuri:** | Lea Jane T. Lañoso/ Riela Angela C. Josol | |
| **Tagalapat:** | Dave D. Cubero | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI | - Schools Division Superintendent |
| | Lourma I. Poculan | - Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | - Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | - Chief, Education Supervisor SGOD |
| | Riela Angela C. Josol | - Education Program Supervisor- Filipino |
| | Bernie P. Laranjo | - Public Schools District Supervisor |
| | Ronillo S. Yarag | - Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | - Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065) 212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph



# *Alamin*

Sa araling ito, tatalakayin natin ang tungkol sa “Pagbabahagi ng Isang Pangyayaring Nasaksihan”. Sa paksang ito matutunan ng mga bata na makapagbigay ng wastong impormasyon batay sa mga pangyayaring nasaksihan. Naipapamahagi sa iba ang sariling karanasan, bukod nito malalaman din nila ang wasto at buong detalye ng isang pangyayari.

Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

- Nakapagbabahagi ng isang pangyayaring nasaksihan **(F6PSIIh-3.1)**



# *Subukin*

**Panuto:** Ano ang pangyayari na iyong nasaksihan sa mga sumusunod? Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Mahal na araw
   a. namasyal
   b. nagsimba, may prusisyon
   c. nakipagkwentuhan sa kapitbahay
   d. naglakbay sa ibang lugar
2. Kapaskuhan
   a. nanghingi ng magagarang damit
   b. nanghingi ng pagkain
   c. nagpalipad ng saranggola
   d. nagsimba, nagsalu-salo ang buong pamilya
3. Bagong taon
   a. nanghingi ng pagkain sa mga mayayaman
   b. nagpaputok ng mga lobo
   c. abala sa paghahanda ng pagkain, nagsimba
   d. nagpalipad ng saranggola
4. Kaarawan
   a. may birthday cake
   b. umiiyak dahil walang handa
   c. nagkulong sa kwarto
   d. nagkulong sa kubeta
5. Araw ng mga patay
   a. nanood ng sine

b. nagpunta sa sementeryo
c. namasyal sa bolebard
d. nagpunta sa bundok

6. Pista sa inyong barangay
   a. nanghuhuli ng isda
   b. nagpaputok ng mga lobo
   c. nagbitin ng mga banderitas sa mga kalsada
   d. nagbitin ng mga parol
7. Malakas na bagyo
   a. maayos ang paligid
   b. natumba ang mga puno at mga poste ng kuryente
   c. mahina ang ihip ng hangin
   d. malinaw ang karagatan
8. Gradwasyon
   a. tumanggap ng diploma o sertipiko
   b. tumanggap ng pasalubong
   c. tumanggap ng abuloy
   d. mga markahang pagsusulit
9. Binyag
   a. nag-alay ng mga bulaklak
   b. nag-alay ng pagkain
   c. pagtatalaga ng buhay sa pamamagitan ng seremonya
   d. may tinanggap na sertipiko
10. Kasal
    a. pagtatalaya ng buhay sa pamamagitan ng seremonya
    b. nag-alay ng bulaklak
    c. nag-alay ng buhay
    d. pag-iisang dibdib sa simbahan



## ***Tuklasin***

**Panuto:** Pansinin ang mga larawan na nasa ibaba. Sagutin ang mga tanong batay sa nakita mo sa larawan.





https://www.123rf.com/photo_1780208_illustration-of-kids-playing-in-the-rain.html https://itsmesev.wordpress.com/2018/02/16/the-tumbang-preso-game/



https://in.pinterest.com/pin/805722189568599088/?nic_v2=1a2rpndC0

1. Ano-ano ang mga pangyayari na nasa larawan? Nasaksihan o naranasan mo ba ang mga ito?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

2. Naranasan mo rin bang ibahagi o ikuwento sa mga kaibigan mo ang mga karanasang ito? Paano mo ito ibinahagi sa kanila?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

3. May ginamit ka bang mga ekspresyon o mga salitang naglalarawan upang maihatid ang nais mong ibahagi sa kanila?

______________________________________________________________

______________________________________________________________



# *Suriin*

**Alam Mo Ba!**

Sa pagbabahagi ng pangyayaring nasaksihan tayo ay nakapagpapahayag ng ating nararamdaman at nakapagbibigay ng wastong impormasyon. Ang mga pangyayaring nasaksihan natin sa loob ng paaralan, sa ating tahanan, at sa pamayanan ay nakatutulong sa pang araw-araw na pamumuhay kung bibigyan natin ng pagpapahalaga at pang-unawa sa bawat pangyayaring nasaksihan.

Sa pagbabahagi, minsan nailalarawan natin ang lugar, panahon kung kailan nangyari at sino-sino ang mga nasa pangyayaring iyon. Ang **paglalarawan** ay isang paraan ng pang araw-araw na pagpapahayag na dapat nating matutuhan. Ang paglalarawan ay nauuri ayon sa pakay o layunin ng pagpapahayag na inihahatid naman ng instrumentong ginamit natin sa paglalarawan. May mga pagkakataon na maaaring hindi natin

namalayang nakapaglalarawan na pala tayo. May tatlong paraan ng paglalarawan:

- batay sa pandama - nakita, naamoy, nalasahan, nahawakan, at narinig.
- batay sa nararamdaman - bugso ng damdamin.
- batay sa obserbasyon - batay sa obserbasyon ng mga nagyayari.

Sa paglalarawan, kinakailangan ang paggamit ng wastong ekspresyon o mga angkop na salita. Kinakailangang isaisip ang pagpili ng wastong ekspresyon o angkop na mga salita upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan. Makatutulong ito upang mailarawan mo sa kanila nang maayos kung ano ang nangyari sa pangyayaring iyong nasaksihan at maging matagumpay ang isang pagbabahagi ng pangyayaring iyong nasaksihan.



## *Gawain/Pagyamanin*

**Panuto:** Sumulat ng kahit isa o dalawang talatang naglalarawan ng isang karanasang <u>*nakatatawa*</u>/<u>*malungkot*</u>/<u>*di malilimot*</u>. Pumili ng isa sa tatlong pagpipilian na nakasalungguhit. Isulat ito sa isang malinis (intermediate) na papel.

**RUBRIK**

| Pamantayan | Napakahusay (10) | Mahusay (8) | Kailangan pang magsanay (6) |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Wasto ang lahat ng nilalaman ng gawain | May isa o dalawang mali ang gawain | May tatlo o higit ang mali sa gawain |
| **Organisasyon ng Ideya** | Napakaayos ng mga ideya | Maayos ang mga ideya | May kaguluhan ang mga ideya |
| **Gramatika** | Naisulat nang wasto ang baybay ng mga salita | Di-gaanong wasto ang pagkakasulat ng baybay ng mga salita | Nangangailangan ng tulong sa pagsulat ng baybay ng mga salita |



## *Isaisip*

- Sa pagbabahagi ng pangyayaring nasaksihan tayo ay nakapagpapahayag ng ating nararamdaman at nakapagbibigay ng wastong impormasyon.

- Sa pagbabahagi, minsan nailalarawan natin ang lugar, panahon kung kailan nangyari at sino-sino ang mga nasa pangyayaring iyon.
- Ang *paglalarawan* ay isang paraan ng pang araw-araw na pagpapahayag na dapat nating matutuhan. Ang paglalarawan ay nauuri ayon sa pakay o layunin ng pagpapahayag na inihahatid naman ng instrumentong ginamit natin sa paglalarawan.
- Kinakailangang isaisip ang pagpili ng wastong ekspresyon o angkop na mga salita upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan.
- Makatutulong ito upang mailarawan mo sa kanila nang maayos kung ano ang nangyari sa pangyayaring iyong nasaksihan at maging matagumpay ang isang pagbabahagi ng pangyayaring iyong nasaksihan.




# Tayahin

***Gawain: Isulat Mo!***

**Panuto:** Sumulat tungkol sa iyong kaarawan sa pamamagitan ng pagbuo ng talata.

**Sa Aking Kaarawan**

Naging (1) _____________ ang aking nakaraang kaarawan. Naghanda ang aking ina ng (2) _____________ na pagkain para sa aking mga kaibigan. Bumili naman ang aking Ninang ng (3) _____________. Pagkatapos ng (4) _____________, nagkaroon ng palaro. Isang (5) _____________ pabitin ang ginawa ng aking tatay. Nagsabit dito ang aking Ate ng mga (6) _____________ laruan. Ang (7) _____________ kong kaibigan ang nakaabot ng bola sa pabitin. Lahat ng dumalo ay (8) _____________ pagkat may uwi silang laruan. Naibigan ko ang mga regalong ibinigay sa akin ngunit ang (9) _____________ ko ay ang walking doll. Ang buong mag-anak ay _____________ nasiyahan sila dahil naging masaya ang lahat.



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Sumulat ng isang kuwento na nagsasalaysay ng sariling karanasan batay sa mga sumusunod na pamagat.

1. Isang Sorpresa
2. Ang Aking Pasko
3. Isang Paglalakbay

**RUBRIK**

| Pamantayan | Napakahusay (10) | Mahusay (8) | Kailangan pang magsanay (6) |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Wasto ang lahat ng nilalaman ng gawain | May isa o dalawang mali ang gawain | May tatlo o higit ang mali sa gawain |
| **Organisasyon ng Ideya** | Napakaayos ng mga ideya | Maayos ang mga ideya | May kaguluhan ang mga ideya |
| **Gramatika** | Naisulat nang wasto ang baybay ng mga salita | Di-gaanong wasto ang pagkakasulat ng baybay ng mga salita | Nangangailangan ng tulong sa pagsulat ng baybay ng mga salita |



# Susi sa Pagwawasto

***Tahayin (maaring sagot)***

Sa Aking Kaarawan

1. maligaya/makulay/masaya
2. masarap
3. chocolate cake
4. maliit
5. paligsahang
6. iba't ibang
7. matalik
8. masaya
9. nagustuhan
10. nakasaksi

***Karagdagang Gawain***

Babasahin at tatanggapin ng guro kung anuman ang isinulat.

**Pagyamanin**

Babasahin at tatanggapin ng guro ang isinulat sa tatlong pagpipilian

**Subukin**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. b | 2. d | 3. c | 4. a | 5. b |
| 6. c | 7. b | 8. a | 9. c | 10. d |

# Sanggunian


https://www.123rf.com/photo_1780208_illustration-of-kids-playing-in-the-rain.html

https://itsmesev.wordpress.com/2018/02/16/the-tumbang-preso-game/

https://in.pinterest.com/pin/805722189568599088/?nic_v2=1a2rpndC0